

**SIYUDAD NG HANFORD**

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA TUBIG**

\* \* \* \* \*

Ang Patakarang ito ay bumubuo sa nakasulat na patakaran ng Siyudad ng Hanford (Siyudad) sa pagputol ng residensiyal na serbisyo sa tubig para sa mga layunin ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116906.

1. **Delingkuwenteng Pagbabayad ng mga Bayarin sa Serbisyo sa Tubig.**  
Alinsunod sa Kodigo ng Munisipyo ng Hanford o Hanford Municipal Code (HMC) Seksiyon 13.04.050, ang bayarin sa serbisyo sa tubig ng isang kostumer ng residensiyal na serbisyo sa tubig na hindi nabayaran sa loob ng labinlimang (15) araw sa kalendaryo mula sa petsa ng bill ng mga serbisyo sa utility na pinalabas ng Siyudad ay ituturing na delingkuwente. Ang delingkuwenteng mga halaga ay papatawan ng sumusunod na mga bayarin (sama-sama “Mga Bayarin”): (a) sampung porsiyentong (10%) bayad sa pagkaantala; (b) iba pang bayarin at multang binuo ng Konseho. Ang delingkuwenteng mga halaga at hindi nabayaranang mga bayarin ay magkakaroon ng interes na isa at kalahating porsiyento (1.5%) bawat buwan
  
2. **Paghinto ng mga Serbisyo.**
  - a. Maliban kung binanggit, kung nabigong magbayad ang residensiyal na kostumer ng bayarin sa serbisyo sa tubig nang buo o nabigong humiling ng plano sa pagbabayad nang 5:00 p.m. sa ikaanimnapung (ika-60) araw sa kalendaryo kasunod ng petsa kung kailan naging delingkuwente ang singil sa serbisyo sa tubig, maaaring ihinto ng Siyudad, maliban sa iba pang mga remedyo, ang tubig at iba pang mga serbisyong ibinibigay ng Siyudad na tinatanggap ng kostumer.
  
  - b. Hindi kukulangin sa pitong (7) araw ng negosyo bago ang paghinto ng mga serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, kokontakin ng Siyudad ang kostumer sa pamamagitan ng telepono o sulat ayon sa hinihingi ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116908.
  
  - c. Kung mapapailalim ang kostumer sa mga sukatan ng kahirapan sa pananalapi ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116910, magaganap lang ang paghinto ng Siyudad sa mga serbisyo sa utility sa paraang nakalarawan sa seksiyong iyon.
  
3. **Plano ng Pagbabayad.**
  - a. Ang isang kostumer na humihiling ng plano ng pagbabayad ay aalukin ng sumusunod na termino, na isasaad sa nakasulat na Kasunduan sa Pagbabayad na pirmado ng kostumer:

- i. Kabayaran ng sangkatlo (1/3) ng lahat ng kailangan nang bayarang balanse sa mga serbisyo sa utility pagkapirma ng kostumer sa Kasunduan sa Pagbabayad; at
  - ii. Ang natitirang kailangan nang bayarang balanse ay babayaran sa anim (6) na magkakapantay na buwanang hulugan, mula sa unang (1) araw ng buwan sa kalendaryo kasunod na kasunod ng paggawa ng Kasunduan sa Pagbabayad ng kostumer; kung ang nasabing petsa ay mas kaunti sa labinlimang (15) araw sa kalendaryo mula sa epektibong petsa ng Kasunduan sa Pagbabayad, ang unang (1) kabayaran ay gagawin sa unang (1) araw ng susunod na buwan sa kalendaryo. Halimbawa, kung Pebrero 20 ang epektibong petsang nakalagay sa Kasunduan sa Pagbabayad, ang unang (1) hulog ay babayaran sa Abril 1. Ang hindi nabayaran halaga ay tutubo ng interes sa antas na isa at isa't kalahating porsiyento (1.5%) bawat buwan at papatawan ng karagdarang bayarin at multang binuo ng Siyudad, na babayaran sa bawat buwanang hulog. Ang pagpirma ng isang kostumer sa Kasunduan sa Pagbabayad ay hindi dahilan para laktawan ng kostumer ang obligasyon sa napapanahong pagbabayad sa bagong mga singilin sa serbisyo sa utility na nakalagay sa mga bill na pinalabas ng Siyudad habang nananatiling may bisa ang Kasunduan sa Pagbabayad ng kostumer.
- b. Pipirmahan ng accountholder at isusumite nang personal ng accountholder ang Kasunduan sa Pagbabayad na nagtataglay ng mga terminong ito sa Departamento ng Pananalapi ng Siyudad sa loob ng tatlong (3) araw na may negosyo mula sa petsa ng pagkatanggap ng kostumer sa Kasunduan mula sa Siyudad. Itutuloy ng Siyudad ang proseso ng pagputol sa mga serbisyong ibinibigay sa kostumer kapag nabigo ang kostumer na gawin at ibalik ang Kasunduan sa Pagbabayad sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyong panahunan.
  - c. Maliban kung nakapailalim ang kostumer sa mga sukatan ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116910, maaaring ihinto ng Siyudad, nang hindi nagbibigay ng dagdag na nakasulat na abiso, ang lahat ng serbisyong ibinibigay ng Siyudad sa kostumer na nakapailalaim sa plano ng pagbabayad sa alinman sa sumusunod na mga pangyayari:
    - i. Nabigong tumalima ang kostumer sa kanyang Kasunduan sa Pagbabayad; o
    - ii. Habang may bisa ang Kasunduan sa Pagbabayad, nabigo ang kostumer na bayaran ang kanyang kasalukuyang singilin sa residensiyal na serbisyo bago maging delingkuwente ito.

Ang paghinto ng mga serbisyo sa kostumer na nakapailalim sa mga sukatan ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116910 ay

magaganap lang, gayon pa man, alinsunod sa mga termino ng seksiyong iyon.

- d. Ang isang kostumer na partido sa isang Kasunduan sa Pagbabayad ay dapat manatiling nasa panahon sa lahat ng bill ng serbisyo ng Siyudad na ibinigay habang nasa panahon ng plano ng pagbabayad at hindi magiging karapat-dapat sa mga termino ng plano ng pagbabayad kung siya ay naging delinkuente sa susunod na bill ng serbisyong pinalabas bago nabayaran nang buo ang nakabimbing Kasunduan sa Pagbabayad.
  - e. Ang isang kostumer ay magiging karapat-dapat sa isang (1) Kasunduan sa Pagbabayad sa loob ng bawat labindalawang (12) buwang panahunan, na susukatin mula sa epektibong petsa ng naunang Kasunduan sa Pagbabayad ng kostumer; kung, gayon pa man, ang kostumer na nakailalim sa mga sukatan ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116910 ay hindi mapapailalim sa limitasyong ito.
4. **Apila sa mga Halaga ng Bayarin.** Maaaring mag-apela ang kostumer na nag-aakalang mali ang halagang sinisingil sa kanya ng Siyudad . Ang proseso ng pag-apela ay nakatatag sa HMC Seksiyon 13.04.110 na may kopyang nakalakip dito bilang Eksibit “A.”
5. **Pagkontak sa Siyudad.** Maaaring kontakin ng mga kostumer ang sumusunod na numero ng telepono para talakayin ang mga opsiyon sa pag-iwas sa paghinto ng mga serbisyo sa utility na ibinigay ng Siyudad dahil sa hindi pagbabayad: (559) 585-2510.

## **EKSIBIT "A"**

### ***Kodigo ng Munisipyo ng Hanford o Hanford Municipal Code Section 13.04.110.C.***

#### **C. Mga Apela.**

1. Maaaring mag-apela ang sinumang kostumer ng mga bayarin sa tubig. Para maapela ang mga bayarin sa serbisyo, dapat isumite ng kustomer, maliban kung nakasaad dito ang kabaligtaran, ang sumusunod na mga item sa direktor ng pananalapi sa loob ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pinagtatalunang bayarin: (i) nakasulat na abiso ng apela; (ii) halagang babayaran sa ilalim ng pinagtatalunang bayarin; at (iii) bayad sa apela, na bayaring itatatag ng konseho ng siyudad. Ang pagkabigong isumite ang mga item na ito sa loob ng nasabing panahunan ay magresulta sa pagsasantabi ng mga karapatan sa pag-apela at bubuo sa kabiguang ubusin ang administratibong mga remedyo. Idedetalye sa abiso ng apela ang lahat ng katotohanang sumusuporta sa pagtutol ng kostumer sa bayarin.

2. Sa kabila ng mga probisyon ng subseksiyon 1. sa itaas, ang isang kostumer na hindi kayang magdeposito ng halaga ng pinagtatalunang bill at/o magbayad ng bayad sa apela ay maaaring humiling ng pagsasantabi ng lahat o bahagi ng kailangang deposito at bayad sa apela. Isang kahilingan sa pagsasantabi ang dapat isumite sa direktor ng pananalapi kasama ang abiso ng apela ng kostumer, kalakip ang isang sinumpaang deklarasyon at iba pang pangsuportang dokumento at materyales na nagpapakita sa aktuwal na kawalang-kakayahan sa pananalapi ng kostumer na bayaran ang deposito sa apela at/o bayad sa apela. Nakaatang sa kostumer ang gawaing ipakita sa kasiyahan ng direktor ng pananalapi ang aktuwal na kawalang-kakayahan ng kostumer na ideposito ang halaga ng pinagtatalunang bayarin at/o bayaran ang bayad sa apela. Kapag natiyak ng direktor ng pananalapi na nararapat ang pagsasantabi, ang deposito at bayad sa apela ay isasantabi o bahagi nito ang isasantabi. Kapag nakita ng direkto ng pananalapi na hindi nararapat ang pagsasantabi, dapat ideposito ng kostumer, sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo sa pagkatanggap ng kostumer sa nakasulat na pasya ng direktor ng pananalapi, ang halaga ng pinagtatalunang bayarin at bayaran ang bayad sa apela para maiproseo ang apela ng kostumer.

3. Pagkatanggap ng direktor ng pananalapi sa abiso ng apela, deposito ng halaga ng pinagtatalunang bayarin, at bayad sa apela (o pagtiyak ng direktor ng pananalapi sa pagsasantabi ng deposito at/o bayad), itatakda niya ang pagdinig sa opisyal na dumidinig o katawang dumidinig na itinalaga ng Konseho ng Siyudad. Ang opisyal na dumidinig o katawang dumidinig ay magdadaos ng pagdinig sa apela ng kostumer sa petsang sinabi ng direktor ng pananalapi at tatanggap ng ebidensiyang ipinalad ng umaapelang partido at tauhan ng siyudad. Pagkatapos ng pagdinig, maaaring panatilihin o baguhin ng opisyal na dumidinig o katawang dumidinig ang halaga ng pinagtatalunang bayarin. Ang opisyal na dumidinig o katawang dumidinig ay maglalabas ng nakasulat na pagtiyak sa apela ng kostumer sa loob ng labinlimang (15) araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagdinig sa apela. Ang natalong kostumer ay maaaring humingi ng pagrebyu sa batas ng desisyon ng opisyal na dumidinig o katawang dumidinig sa apela ng kostumer sa pamamagitan ng paghain ng reklamo sa Superior Court of Kings County, California sa loob ng panahong tinukoy ng [Kodigo ng Sibil na Pamamaraan ng California](#) Seksiyon 1094.6.